Ang Patolohiya ng Espektakulo sa Panahon ng COVID-19

The Pathology of Spectacle in the Time of COVID-19

Alvin B. Yapan, PhD
Ateneo de Manila University
ayapan@ateneo.edu

Abstrak

Itatanghal ng papel ang teorya ng espektakulo ni Guy Debord sa pagbasa ng kasalukuyang kalakaran ng pampublikong diskurso bilang diskurso ng mga imahen. Ipaliliwanag kung paano isang metodong patolohiko ang ganitong pagbasa o pagbibigay interpretasyon sa mga imahen bilang sintomas ng higit na malalalim na sakit na panlipunan. Isa itong patolohiya na maiuugat sa mga panulat nina Jose Rizal, Emilio Jacinto, at mga propagandista. Nagpapakita ito ng kolonyal na ugat ng metodong patolohiko na napatitingkad lamang ng kontradiksiyon nito sa karanasan ng pandemya na dulot ng COVID-19 na isang sakit na tumatanggi sa diagnosis. Sa huli, patutunayan ng papel na ang ganitong kolonyal na ugat ng metodong patolohiko na ginagamit natin ngayon sa pampublikong diskurso ang maituturing na isang sanhi ng pagkabalaho ng pampublikong diskurso sa pamamagitan ng pagpapataw ng moral na kategorya sa paghuhusga sa mga imahen.

The paper will highlight the theory of spectacle of Guy Debord in reading the current predicament of public discourse as a discourse of images. The paper will explain how this method of reading is a method of pathology that reads images as symptoms of deeper social malaise. This is a pathology that is rooted in the writings of Jose Rizal, Emilio Jacinto, and other propagandists. This reveals the colonial roots of the method of pathology that manifested itself against the experience of pandemic due to COVID-19, a disease that refuses diagnosis. In the end, the paper will argue that this colonial root of the method of pathology may be one of the reasons why we are experiencing this rut, this stalemate, in public discourse by imposing a moral category in how we judge images.

Mga Susing-salita

espektakulo, imahen, patolohiya, asymptomatic, kategoryang moral, pagtingin, virality

spectacle, image, pathology, asymptomatic, moral category, sight, virality

Tungkol sa May-akda

Isang kuwentista at tagagawa ng pelikula si Alvin B. Yapan. Kabilang sa kaniyang mga publikasyon ang *Sangkatauhan Sangkahayupan* (2017 National Book Award, Maikling Kuwento). Kabilang sa kaniyang mga pelikula ang *Ang Sayaw ng Dalawang Kaliwang Paa* (2011), *EDSA (2016) at Culion* (2019). Nagkamit siya ng doktorado sa Araling Pilipino

© Ateneo de Manila University

(Philippine Studies) sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman para sa kaniyang pag-aaral na “Ang Bisa ng Pag-uulit sa Katutubong Panitikan: Tungo sa Isang Panimulang Teoryang Pampanitikan.” Kasalukuyan siyang nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino, Pamantasang Ateneo de Manila.

© Ateneo de Manila University

Isang napakalaking parikala na dumating ang sakit na COVID-19 sa isang panahon na pinoproblematisa natin bilang isang bayan, at maging ng buong mundo, ang suliranin ng mga imahen, ng mga larawan. Isang parikala dahil binigyan tayo ng COVID-19 ng palaisipan ng isang sakit na *maaaring* asymptomatic, mahirap basahin ang mga panlabas na sintomas, kung kailan may obsesyon ang lipunan natin sa mga imahen at larawan, sa mga panlabas na kaanyuan. Kabilang na sa ganitong obsesyon ang namamayaning diskursong panlipunan ngayon tungkol sa pagpapakaplastik, pagiging ipokrita, at pagpapakatotoo.

Kung tutuusin nandito ang karisma ni Pangulong Rodrigo Duterte kung kaya siya nanalo sa pagkapresidente. Binabasa ng kaniyang mga taga-suporta ang kagaspangan ng kaniyang pag-uugali at imahen bilang kaniyang pagpapakatotoo. Nandiyan ang kaniyang pagmumura sa kaniyang mga pampublikong talumpati, at paglilinaw ng kaniyang mga internasyonal na polisiya (Amur). Nangamba ang kaniyang mga kritiko na naaapektuhan ng ganitong asal ang mga kabataan (Tomacruz) na tinitingala ang presidente bilang modelo, maging ang bilateral na mga pakikipag-ugnayan sa ibang bansa (Roy). Ilang ulit na siyang pinansin sa kaniyang hindi pagsunod sa protokol ng pananamit sa pakikipagpulong sa mga pinuno ng ibang bansa. Ganito ang kaniyang naging pagharap pati sa mga kaalyado niya, maging kay Presidente Xi Jinping ng China noong 2019. Ipinagtanggol siya ng kaniyang mga taga-suporta nang batikusin siya sa pagharap sa ganitong paraan din sa Prime Minister ng Russia Dmitry Medvedev noong parehong taon. Ayon sa nasa likod ng Twitter account na Ating Alamin, "What matters most is what he is doing for his country. Hypocrites are those clad in expensive stuff, always 'presentable' but... empty in the head" (Dancel). Kasama sa ganitong pagpapakatotoo ang pagpapakita na natutulog siya sa loob ng kulambo, kumakain sa karinderya at naglalakad nang nakasuot ng sapatos na matatanggal na ang suwelas (Navalta). Sabi nga ng kaniyang tagasuporta sa likod ng Proud Bisaya Facebook page: "Dahil kay Pangulong Duterte, nararamdaman na ng mga Pilipino ang tunay na pagbabago, at sa pamamagitan nya ay muling aangat ang bansang Pilipinas. Yan ba ang Pangulo na gusto nilang patalsikin?" Sa pamamagitan ng ganitong mga biswal na postura, naipahahayag ni Duterte ang pakikiisa niya sa masa, na kinapitan ang ganitong mga larawan bilang pagpapakatotoo ng presidente. Sa ganitong pagkapit sa larawan ni Duterte, ni hindi pinuna—may pag-iwas na tumingin—ng masa ang mga unang naging tugon ng administrasyon sa pandemya na sila rin naman ang naging mga pangunahing biktima: ang pagpapatupad ng lockdown na kumitil sa hanapbuhay lalong-lalo na ng mga arawang sumusuweldo, ang pagpapatigil ng mga pampublikong transportasyon katulad ng dyip, FX at mga bus, ang pagpapatuloy lamang ng taktika ng digmaan laban sa droga sa panahon ng pandemya sa pagtatalaga ng militar sa mga posisyon ng awtoridad sa halip na ang mga doktor, at ang pangkalahatang pagbasa ng administrasyon sa problema ng COVID-19 bilang problema sa disiplina at hindi problemang medikal, at pangkalusugan.

Sa kabilang banda, itinuturing na insulto ng mga nakaririwasa ang ganitong pagpapakatotoo dahil may inaasahan silang dekorum na kakabit ng posisyon ng isang pinuno sa lipunan. Sa mga higit na nakaririwasa, isang "fashion faux pas" ang kaniyang mga pasya sa pananamit, at isang "assault to the senses" ang kaniyang mga inaasal sa harap ng publiko. Halos lahat ng pambabatikos sa imahen ng presidente ay maikukuwadro sa mga usapin ng panlasa: walang modo, walang pinag-aralan, at iba pa. Malay sa ganitong politika ng mga imahen si Duterte at ginagamit niya ito nang napakabisa. Kahit ang kaniyang mga kritiko, kahit sa ibabaw ng pagbabatikos sa kaniya, ay hindi maiwasan na purihin ang kahusayan niya sa paglulunsad ng imahen ng kaniyang pagkapresidente. Ayon nga kay Pablo Salud, "He is a master actor and performer, an artiste of the deadliest sort, preying on the gullibility of a people too poor to think on the one hand and too rich to think for themselves in the other. Nagagamit niya ang ganitong kahusayan sa paglikha ng polarisasyon sa pagitan ng mga tagasuporta niya at hindi tagasuporta. Kung kaya sa ganitong estratehiya ni Duterte nakalilikha siya ng polarismo sa gitna ng mayaman (ang

mga pinaniniwalaang nakikinabang sa mga dekorum na panlipunan) at mahirap (ang mga pinaniniwalaang hindi nakikinabang sa mga dekorum na panlipunan); at sa loob ng isang sistema ng pamamahala na iniluluklok ang presidente ng pinakamaraming boto, ang masa, ang marami ang mananaig. Isa itong polarisasyon na nagsisimula sa antas ng mga persepsiyon. Nauunawaan ito ni Duterte kung kaya nandiyan ang paghalik niya sa lupa bilang pagpapahayag ng kaniyang pakikiramay sa mga namatayan ng pagsabog sa Jolo, Sulu nitong 2020 lamang, na itinuring na kaplastikan ng kaniyang mga kritiko at pagiging mapagpakumbaba ng kaniyang mga tagasuporta.

Sa pagbasa ng masa, ang mga inilulunsad na larawan ni Duterte ay tumataliwas sa nakagawian nang larawan ng nakaluklok sa posisyon sa pakikitungo sa masa. Parati nang kagalang-galang ang nakaupo sa puwesto. Simula't sapul pa naging kaakibat na rin ng dekorum ang pagka-nasa-posisyon sa gobyerno. May impormal na pagsunod sa isang kultura ng higit na nakaririwasa ang pag-upo sa posisyon, bilang itinuring ang posisyon bilang luklukan ng kapangyarihan. Kung kaya, parati nang naikakabit ang postura ng kapangyarihan sa postura ng higit na nakaririwasa. Malayo ang dekorum na sinusundan sa sinusundang kultura ng higit na nakababaha. Umaayon sa nakaririwasa na higit na nakikinabang sa kasalukuyang lagay ng lipunan. Maihahambing ang ganitong tumbasan ng nakaririwasa at kapangyarihan sa panahon ni Marcos kung kailan ginamit ni Imelda Marcos ang "the true, the good and the beautiful" upang aliwin ang nasasakupan sa kanilang nararanasang kahirapan. Ayon nga kay Imelda Marcos sa isang panayam sa *Los Angeles Times* (1980), "I am my little people's star and slave. When I go out into the barrios, I get dressed because I know my little people want to see a star. Other presidents' wives have gone to the barrios wearing house dresses and slippers. That's not what people want to see. People want someone they can love, someone to set an example." Hindi malayo ang ganitong pangangatwiran sa pagtatanggol ng Presidential Spokesperson Harry Roque sa pagtatambak ng dolomite sand sa Manila Bay, sa halip na gamitin ang pondo na P389M sa pangangasiwa sa pandemyang dulot ng COVID-19: "I don't buy that argument. Kasi alam mo, sa gitna ng pandemya, kinakailangan din na pangalagaan ang mental health... I think 'yung pagpapasyal sa mga lugar gaya ng Manila Bay na may white beach, hindi mo maqua-quantify ang epekto nyan pagdating sa mental health ng ating mga kababayan" (Aguilar). Hindi lamang si Duterte ang nakauunawa sa kapangyarihan ng imahen, maging ang kaniyang buong administrasyon, na nais lamang ipamahagi din sa mga masa ang ginhawa ng paglalakad sa puting buhangin. Isa itong serbisyo sa mga walang pera upang huwag nang bisitahin mismo sa Boracay o sa Palawan ang mga naturang puting buhangin.

Sa ganitong lente ng pagbasa, masasabing natuto na ang masang Pilipino, taliwas sa kritika ng ilan. Natuto na ang mga Pilipino na huwag magtiwala sa mararangya at magagarbong larawan ng kulturang elitista ng mga nasa poder at kapangyarihan. Kung kaya nang biglang palitan ng mga larawan ang nakaupo sa awtoridad, natuwa ang masa dahil nagbago ang larawan sa dekorum na pamilyar sa kanila. Malayo na ito sa naging pagpapalagay ni Imelda Marcos na ayaw ng masa na makakita ng politiko na pumupunta sa mga baryo na nakadamit pambahay lamang at tsinelas. May malaking pagbabagong nangyari sa kamalayan ng masa mula sa Edifice Complex ng mag-asawang Marcos at ang analogo nitong Build! Build! Build! (BBB) Program ng administrasyong Duterte na mangangailangan pa ng mas malalim na pag-aaral. Sa gitna ngayon ng pagbaha dala ng bagyong Rolly at Ulysses, naging mahalaga ang naging pahayag ni Duterte na hindi siya pinahintulutang lumangoy kasama ang mga nasalanta. Pinatututsadahan niya dito ang naging mga larawan dati ng mga politiko, partikular na si Mar Roxas na may mga larawan ng pakikiisa sa mga nasalanta, at sa mga naghihikahos gayong alam naman ng lahat na nanggaling siya sa isang mayamang angkan. Nandiyan ang mga larawan na ginagawa ni Roxas ang trabaho ng mga karaniwang mamamayan: ang pagiging karpintero, bombero, traffic enforcer, tindero sa palengke, kargador, drayber ng padyak, at iba pa

(Akizuki). Ipinahahayag ni Duterte na magiging kaplastikan ito sa bahagi niya. Alam niya na mayroon naman siyang magagamit na helicopter o eroplano upang makita ang mga nasalanta. Mapapansing ang ganitong batuhan ng mga imahen ay naiiwan na lamang sa interpretasyon ng tumitingin. Kailangang idiin na ang mismong kondisyon na ito ng tapatan ng mga imaheng may mga internal na kontradiksiyon ang nagdudulot na rin ng katangian ng imahen bilang madaling mahubog sa kung anumang naising interpretasyon ng tumitingin. Isa itong lipunan ng mga espektakulo, kung hihiramin ang termino kay Guy Debord.

Ang Metodong Patolohiko

Sa loob ng lipunan ng mga espektakulo, ang tanong ay hindi tungkol sa kung nakikinabang ba ang masa sa ganitong pagpapalit ng mga imahen ng awtoridad. Hindi ito pagpukol ng kritika sa parati nang binabasang "katangahan ng masa" na nalilinlang sa ganito kababaw na diskurso ng mga larawan. Higit na pakay ng papel na ito na suriin ang metodong patolohiko na ginagamit natin sa loob ng kultura ng mga espektakulo. Dahil sa ngayon maaaring basahin bilang isang metodong patolohiko ang ginagamit natin sa pagsuri sa kalagayang pampolitika at pangkultura sa bansa. Sa ganitong lente, hindi lamang ang masa ang may kakulangan. Hindi lamang sila ang nalilinlang kung hindi pati rin ang mga higit na nakaririwasa. Hindi lamang ang sumusuporta sa administrasyon, mapabilang man sa masa o sa higit na nakaririwasa, maging ang mga kritiko at hindi sumusuporta sa administrasyon, saan mang ekonomikong uri napabibilang, ay sumasalalay din lamang sa mga dekorum at pagpapakita bilang mga sintomas. Isa itong kultura na sumasalalay sa pagbasa ng mga panlabas na kaanyuan sa kanilang pagproseso ng mga pangyayari sa lipunan.

Ano ang ibig sabihin dito ng metodong patolohiko? Ito ay pagbasa sa mga sintomas upang tukuyin ang mga sakit, upang makapagbigay ng diagnosis. Isa itong metodo na nakapaloob sa paniniwala sa katunayan ng "disease," kaiba sa "illness" o "sakit," ayon sa pag-iiba ni Ellen Idler sa pagkakasipi sa kaniya ni Michael Tan sa *Revisiting Usog, Pasma, Kulam*. Inilalarawan ang disease bilang "abstract biological medical conception of pathological abnormalities in people's bodies" (19); kung gayon, inuunawa sa pamamagitan ng wika ng kanluraning agham. Kaiba sa paradigma ng illness na tumitingin sa sakit bilang pagdanas, indibidwal at kolektibo, ng tao sa isang karamdaman: "the human experiencing of disease... an explicitly social phenomenon with both an objective and a subjective reality" (Ibid.).

Katulad ng metodong patolohiko, kasalukuyang binabasa natin sa loob ng lipunan ng mga espektakulo ang mga larawan bilang sintomas ng mga nakakubling katotohanan na pawang hinuhulaan lamang natin, inaapuhap lamang natin katulad ng pag-apuhap ng isang doktor sa kaniyang pagbibitaw ng diagnosis. May mga pagpapalagay ang metodo ng patolohiya na maaari nating masuri dito. Una, may pagpapalagay ang patolohiya na may tuwirang ugnayan sa pagitan ng panlabas na kaanyuan at panloob na kalagayan. Maaaring ang tuwirang ugnayan na ito ay direktang korelasyon; ibig sabihin, kapag magarbo ang panlabas na kaanyuan malamang isa itong korap na politiko. Kapag naka-tshirt lamang, malamang hindi siya korap. Maaari rin namang may di-direktang korelasyon. Sa negatibong korelasyon may paratang ng hindi pagpapakatotoo, ng paglilihim ng pagtatago, ng pagpapakaipokrita, ng pagpapakaplastik. Ang ganitong tuwiran at di-tuwirang korelasyon ng panlabas at panloob na kaanyuan ang sanhi kung bakit sa metodo ng patolohiya minsan nagkakamali rin naman ang diagnosis. Sa karanasan ng pagpapakonsulta natin sa doktor,

© Ateneo de Manila University

ito ang paghahanap natin ng third opinion upang makasiguro din lamang na wasto nga ang diagnosis. Sa ganitong pamamaraan masasabing walang katumpakan bilang agham ang metodo ng patolohiya hangga't hindi talaga nagpapamalas nang tuluyan ang sakit, o nauuwi sa medikal na pagsisiyasat ng autopsy.

Mahalagang obserbahan na ang mga larawang nagpakilala ng administrasyong Duterte ay may kalidad ng parang pagsilip sa personal na buhay ng pangulong Duterte: ang pagtulog nang nakakulambo, ang pagkain ng delatang vienna sausage, ang pagkasira ng suwelas ng sapatos. Sa kabilang banda, hindi mamatay-matay sa imahinasyon ng masa ang paratang na naglalaro ang dating pangulong Benigno "PNoy" Aquino III (2010-2016) ng Sony PlayStation Portable (PSP) sa kalagitnaan ng Manila Bus Hostage Crisis noong 2010 ("PNoy denies playing video games during hostage crisis"). Matatandaang naharap din sa parehong sitwasyon ang ina niyang dating pangulong Corazon "Cory" Aquino (1986-1992), na pinaratangang nagtago sa ilalim ng kaniyang kama sa kalagitnaan ng isang coup d'etat. Upang pawalang bisa ang ganitong mga paratang napilitan pa si Cory na ipakita ang kaniyang kuwarto at kama upang patunayang walang espasyo sa ilalim ng kaniyang kama na mapagtataguan (William). May antas ng scopophilia ang ganitong mga pagsilip. May natutugunang maurirat na pag-uusisa sa bahagi ng tumitingin kung ano ba ang personal na lagay ng isang nasa posisyon at may kapangyarihan. Sa loob ng lipunan ng Instagram, Facebook, at Twitter sa social media, nagiging katumbas ng ganitong mga larawan ang pagsilip sa mga "panloob" na kalagayan. Lumalabas na higit na epektibo ang ganitong mga larawan kaysa sa mga numero ng Statement of Assets, Liabilities, and Net Worth (SALN), at estadistika ng mga bilyon-bilyong pisong umano'y nawala dahil sa korapsiyon.

Ikalawa, may pagpapalagay ang metodo ng patolohiya na mayroon ngang nasa likod na katotohanan na maaaring mabigyan ng diagnosis o maapuhap. Magkamali man sa diagnosis, may katiyakan pa rin na may matatagpuan at matatagpuan sa likod ng mga sintomas. Kabahagi ng karanasan ng pakikitungo sa sakit ang takot minsan na magpatingin sa doktor dahil baka nga may makita. Kung kaya, hangga't hindi nakikita hindi nagiging totoo. Na para bang may kapangyarihan ang akto ng pagtingin upang mabigyan ng materyalidad ang isang katotohanan; sa kaso ng pagpapakonsulta ng doktor, ang katotohanan ng pagkakaroon ng sakit. Kung kaya, mahalagang maunawaan na kahit wala namang lumabas na larawan na naglalaro nga ng PSP ang dating pangulong PNoy, hindi kailanman nawala ang ganitong mga paratang. Higit lamang na lumala ang ganitong kathang-isip na imahen nang lumabas noong 2011 ang neolohismong "Noynoying" upang mangahulugang walang ginagawa; sa balbal na wika, "papetix-petix" lamang. Kathang-isip man o hindi, tinutukoy ng video game, at ng planking na pinagmulan ng terminong Noynoying ang isang uri ng pamumuhay na ikinakabit sa uring kinabibilangan ng angkan ng mga Aquino. Sa kabilang banda, walang ganitong mga pagsilip, likhang-isip man o hindi, na naganap sa estilo ng pamumuhay ni Roxas. Nanatili sa antas ng mga panlabas na kaanyuan ang mga larawang nagpakilala ng kaniyang panunungkulan.

Ikatlo, may pagpapalagay ang metodo ng patolohiya, na maaaring mabigyan ng lunas ang makikitang sakit. Ang pakay ng patolohiya ay nasa pag-unawa ng sakit at kinalaunan sa pagbibigay ng preskripsiyon upang mabigyan ito ng lunas. Kung kaya, isang napakalaking parikala na sa ganitong kalakaran ng diskursong pangkultura na ginagamit natin ang metodong patolohiko sa pagtatasa ng politikal at ekonomikong kalagayan ng bansa, dumating ang isang sakit na humihingi sa atin ng reebalwasyon ng ating metodo ng pagdidiskurso: ang pag-asa sa mga larawan; waring ginagawa sa atin ng COVID-19 na turuan tayong huwag umasa sa mga larawan, sa mga nakikita. Ang lahat ng binanggit na tatlong pagpapalagay ng metodo ng patolohiya ay gumuguho sa harap ng karanasan ng COVID-19. Una, hanggang sa ngayon, hindi pa rin maunawaan kung ano ba talaga ang sanhi ng virus, at kung ano ang epekto, ibig sabihin kung paano nakamamatay ang COVID-19.

© Ateneo de Manila University

Isang sakit ba itong nagmula sa kalikasan na tumawid mula sa mga paniki patungo sa tao, o isa ba itong sakit na nilikha sa loob ng laboratoryo sa Wuhan, China, at aksidente o hindi aksidente, na nakawala sa populasyon ng tao? Sa ganitong mga pagtatanong, ni hindi matiyak ang mismong histolohiya ng virus, kung genetically engineered ba ang estruktura ng virus o hindi. Nandito parati ang COVID-19 bilang isang misteryosong sakit (Latham & Wilson). Hirap ang mga doktor na magbigay ng diagnosis sa mga pasyente ng COVID-19. Sa isang banda, sinasabing isa lamang ito na mahinang klase ng influenza; ngunit ano't napakalaki ng mortalidad sa populasyon ng mga nagkakasakit. Unang sinabi na isa itong sakit na nakamamatay sa pamamagitan ng paglunod sa baga ng pneumonia. Ngunit kinalaunan, sinasabing naaapektuhan nito maging ang sirkulasyon ng dugo sa buong katawan na nagiging sanhi ng atake sa puso, at mga sakit sa utak, kagaya ng pagkakaroon ng stroke (Markus & Brainin). May mga pag-aaral pang nagsasabi na may pangmatagalang epekto ang COVID-19 sa kalagayan ng pag-iisip ng mga nadapuan nito sa pagkakaroon nila ng depression, anxiety, kahinaan ng pag-aalala, atbp. (Bouças, et al.). Kung kaya, hirap ang mga doktor kung ano ang bibigyan ng lunas: ang mismong influenza virus o ang iba pang sakit na dala-dala nito. Tinagurian ang COVID-19 bilang isang hindi nakikitang sakit, dahil sa kahirapan nitong matunton: ang pinagmulan nito maging ang pangmatagalang epekto. Bilang isang hindi nakikitang sakit, nakadadagdag sa takot ng COVID-19 ang kapasidad nitong makahawa mula sa isang pasyenteng asymptomatiko. Maaaring positibo na pala sa sakit ang katabi mo at hindi mo lang nalalaman. Sa ganitong katotohanan na ipinahaharap sa atin ng karanasan ng COVID-19, nagiging mabuway ang metodong patolohiko na gumagalaw sa loob ng paradigma ng "disease," na sabay ipinakikita sa atin ang kahinaan ng parehong metodong ginagamit din natin sa pagpoproseso sa politikal at ekonomikong kalagayan ng bansa.

Ang Kolonyal na Espektakulo

Maiuugat ang metodong patolohiko na inilalarawan natin dito sa malalim na kolonyal na kasaysayan ng bansa. Maaalala natin dito ang pagdidiskurso ni Emilio Jacinto sa mga dalumat ng liwanag at ningning. Ayon kay Jacinto, madaya ang ningning; at ang liwanag, bilang katumbalik nito, ang kailangan nating paniwalaan. Binibigyan niya ng pakahulugan ang ningning bilang "...nakakasilaw at nakakasira ng paningin," at ang liwanag naman bilang "...kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay." Ipinapayo niyang "Ating hanapin ang liwanag, tayo'y huwag mabighani sa ningning" (Jacinto, 27). Tinutuligsa niya ang taumbayan na "lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag," kung kaya "ang tao at mga bayan ay namumuhay sa hapis at dalita." Kung sisipiin ang pagsusuri ni Jacinto: "Ay! Kung ang ating dinudulugan at hinahainan ng puspos na galang ay ang maliwanag at magandang asal at matapat na loob, ang kahit sino ay walang magpapaningning pagkat di natin pahahalagahan, at ang mga isip at akalang ano pa man ay hindi hihiwalay sa maliwanag na banal na landas ng katwiran (28)."

Noon pa man sa mga panulat ni Jacinto, sa panahon ng paghihimagsik laban sa kolonyal na pamahalaan ng mga Español, makikita na ang moral na dimensiyon sa pag-iiba niya ng mga kategorya ng ningning at liwanag, maging sa paglalaro ng mga imahen ng liwanag at dilim sa tulang "May Bagyo Ma't May Rilim," sa *Pinagdaanang Buhay ni Florante at ni Laura sa Cahariang Albania* ni Francisco "Balagtas" Baltazar, hanggang sa mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Jose Rizal. Inilalarawan dito ni Jacinto ang isang lipunan na pinaaandar ng mga espektakulo sa loob kuwadro ng karanasan ng kolonyalismo. Sa pagpapalaganap ng Dakilang Tradisyon ng Imperyo ng España, napipilitan ang mga indio na makisabay sa kultura ng mananakop sa pamamagitan ng pagpopostura rin katulad nila. Maaalala natin dito ang mga tauhan nina Donya Victorina at Donya Consolacion sa

© Ateneo de Manila University

mga nobela ni Jose Rizal bilang pagpapakita ng ganitong pagtatangka ng mga indio na makisabay sa kultura ng mananakop. Nagpapanggap ang mga donya na mga Europea sila sa pamamagitan ng pagdadamit na katulad ng mga mananakop, sa pangangasawa ng mga lalaking ang pagiging Español lamang ang pinupuhunanan, at maging sa pag-aasal katulad nila sa pagmamaliit sa mga kapwa indio. Nauunawaan ng mga donya na makapangyarihan ang mga imahen sa kolonyal na lipunan.

Higit pa sa paglalarawang-tauhan sa dalawang donya, inilarawan mismo ni Rizal ang kolonyal na lipunan bilang isang lipunan ng mga espektakulo. Sa *Noli Me Tangere*, inilarawan niya ang relihiyosong espektakulo sa pista ng San Diego, ang prusisyon, ang misa, ang pagtatanghal ng komedyang *La Calandria*. Sa *El Filibusterismo*, inilarawan ang mga sekular na espektakulo sa perya ng Quiapo, at pagtatanghal naman ng *Les Cloches de Corneville*. Maging sekular man o relihiyoso, nandoon parati ang pagdalo ng lahat ng tao sa iba't ibang antas ng kolonyal na lipunan na itinatanghal, at ipinaparada, din ang kanilang estado, posisyon at kapangyarihan. Sa loob ng mala-karnabal na espektakulo ng hirarkiya ng kapangyarihan sa kolonyal na lipunan, napangangatwiranan ng mga miyembro ng kolonyal na Imperyo, ang kolonyal na administrasyon at frailocracia, ang kanilang awtoridad sa ibabaw ng mga indio. Bilang pagtuligsa sa ganitong realidad, nandito sina Jacinto at mga propagandista na umaapila, hindi sa politikal na kapangyarihan, kundi sa moral na awtoridad ng tumitingin, ng mga indio, na humusga sa ganitong mga pagpapakita. Wala mang politikal na ahensiya ang mga indio, binibigyan naman sila ng moral na awtoridad ng inilulunsad na metodong patolohiko nina Jacinto. Kung sisipiing muli si Jacinto: "Ito na nga ang dahilan kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na maningning, lalong-lalo na ang mga hari at mga Pinuno na pinagkatiwalaan ng sa ikagiginhawa ng kanilang mga kampon, at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihan sukdang ikainis at ikamatay ng Bayan na nagbigay sa kanila ng kapangyarihang ito (28)."

Ipinaliliwanag ng historyador na si Reynaldo Ileto ang ganitong paglalangkap ng moral na dimensiyon sa mga propaganda at pamimilosopiya ng mga Katipunero sa kanilang pagkasangkapan sa Katolisismo sa mismong pagtuligsa sa kolonyal na pamahalaan ng mga Español. Halimbawa, inilalarawan ni Ileto kung papaano tiningnan ng mga tagasunod niya si Andres Bonifacio na parang isang pigura ni Jesucristo, na nagliliwanag sa karisma, na nakapagpapatigil sa sinuman kapag pumapasok siya sa isang silid. Ipinaliliwanag ni Ileto kung paano may direktang tumbasan ang panlabas na kaanyuan, ang kaniyang karisma, na ipinagpapalagay ng kaniyang mga tagasuporta na sintomas ng kaniyang kabutihang-loob. Ikinakabit ni Ileto ang ganitong pisikal na manipestasyon ng karisma sa dalumat ng "tedja" ng kulturang Javanese na pinag-aralan ni Benedict Anderson (Ileto, 24). Isa itong nagliliwanag na karisma na maaaring dulot ng pagkakaroon ng anting-anting na kailangang alagaan sa paulit-ulit na ehersisyo ng pagpapadalisay o puripikasyon ng loob. Dahil dito, maaaring humina ang liwanag na ito at maaari ring mailipat sa iba. Ayon kay Ileto, ito ang parating hinahanap ng mga Katipunero at kinalaunan ang mga kilusang milyenaryo na pumalit sa kanila sa kanilang mga pinuno. Isa itong sinkretismo ng animistikong pagdadalumat sa kapangyarihan at ang moralismong Kristiyano.

Sa gitna ng ganitong sinkretismo ng paniniwalang animistiko at Katoliko naisilang ang metodong patolohiko. Higit na maoobserbahan ang ganitong metodolohiya sa kung paano ginamit ni Jose Rizal sa kaniyang nobelang *Noli Me Tangere* ang metapora ng kanser upang gawan ng diagnosis ang mga problemang panlipunan sa ilalim ng kolonyal na pamamahala ng mga Español. Sa pag-uusap nina Ibarra at Elias sa Kabanata LXI (La Caza en el Lago), mababanggit ni Ibarra: "ahora veo el horrible cáncer que roe á esta sociedad, que se agarra á sus carnes y que pide una violenta extirpación" (*Noli Me Tangere*, 393) (nakikita co ngayón ang cakilakilabot na cáncer na cumíkitib sa mga namamayan dito

ngayón, na cumacapit sa canyáng mga lamán at nagcacailangan ng isáng makirót at ganáp na paglipol) (*Huag Acong Salangin Nino Man*, 503). Hindi nakapagtatakang inunawa ni Rizal ang metodong patolohiko sa loob ng paradigma ng kanluraning medisina gayong doon siya nag-aral ng kaniyang pagpapakadoktor, bagaman sa Unibersidad ng Santo Tomas siya unang nagsimula. Nagkamit siya ng kaniyang lisensiya bilang doktor sa Central Universite de Madrid noong 1884, bagaman hindi malinaw kung nakamit niya ang pagpapakadalubhasang ito dahil hindi niya naidepensa ang kaniyang tesis. Nag-aral din siya ng optalmolohiya, ang pag-aaral sa mata, sa Alemanya (Ravin, 280-281). Sa diagnosis ni Rizal, ang sakit ng kolonyal na pamahalaan sa bansa ay lumalaganap na parang tumor na nakahahawa sa ibang bahagi ng katawan ng lipunan. Isang sakit na kinakain ang laman. Isang lunas lamang na marahas ang maaring magamit sa pagputputol ng apektadong bahagi ng katawan. Nabuhay si Jose Rizal sa isang panahon na nagkaroon ng progreso sa paggagamot sa kanser dahil sa pagkakaimbento ng anesthesia noong 1846. Ngunit anuman, tiningnan pa rin ang kanser bilang isang sakit na sensitibo dahil kung hindi mahusay na matanggal ang tumor, babalik at babalik ang kanser at mas lalo pang lalaganap sa ibang bahagi ng katawan (The American Cancer Society). Ayon nga sa pagkakapaliwanag sa sakit na kanser ni Pascual Poblete, ang unang naging tagapagsalin sa Tagalog ng nobelang Español ni Rizal:

> Ang cáncer ay masamáng "bùcol" ó bagâ, na hindî maisatagalog na "bagâ" ó búcol, sa pagca't ibang iba sa mga sakit na itó. Caraniwang napagagaling ang "bagâ" ó búcol, datapowa't ang "cáncer" ay hindî. Bawa't dapuan ng "cáncer" ay namamatay. Wala pang lunas na natatagpuan ang mga pantás na manggagamot upang mapagalíng ang "cáncer", na cung pamagatá'y "carcinoma." May nagsasabing napagagaling ang "carcinoma" sa pamamag-itan ng paglapláp sa búcol, cung panahóng bagong litáw, na walang ano mang itítira, datapuwa't palibhasa'y hindî nararamdaman ng may sakít ng carcinoma na siya'y mayroon nito, cung dî cung malubha na, iyan ang cadahilana't walâ ng magawâ ang mga cirujano. Ang caraniwang dinadapuan ng cáncer, carcinoma, ay ang mga taong bayan at hindi ang taga bukid; at lalong madalas sa babae cay sa lalakí. Sa suso ó sa bahay-bata madalás dumápò cung sa babae. Ang sakít na "cancer" ay tinatawag na "Noli me tangere," na ang cahuluga'y "Howag acong salangín nino man;" sapagca't cung laplapin at hindi macuhang maalís na lahat at may matirang cahi't gagahanip man lamang ay nananag-ulî at lalong lumalacas ang paglaganap, tulad sa inuulbusang halaman, damó ó cahoy na lalong lumálacas ang paglagô, at pagcacagayo'y lalong nadadalî ang pagcamatay ng may sakit (*Huag Acong Salangin Nino Man*, talababa 3).

Bagaman nakaangkla ang metodong patolohiko ni Rizal sa kanluraning medisina, maoobserbahan din ang kapanabay nitong moral na dimensiyon sa paggamit niya mismo ng pamagat na "Noli Me Tangere," na literal na maisasalin bilang huwag akong salingin. Sa isang banda, maaaring tumukoy ito sa medikal na diagnosis na isang sensitibong sakit ang kanser na kapag hindi natanggal nang lubusan sa pamamagitan ng surgery, ay lalo lamang kakalat sa katawan. Kung kaya't may isa pang antas ng pagbasa sa pamagat sa pagtukoy nito sa pagiging sensitibo sa mga halaman na makahiya (Mimosa pudica) o kamantigi (Impatiens balsamina). Ang makahiya ay tumitiklop at naglalabas ng kaniyang mga tinik kapag hinahawakan. Ang kamantigi ay nagsasabog ng kaniyang buto kapag hinahawakan. Ngunit may ikatlong dimensiyon ang pamagat, ang dimensiyong galing sa pagsipi sa Bibliya. Ayon mismo sa mga salita ni Rizal:

> *Noli Me Tangere*, an expression taken from the Gospel of St. Luke, means *touch me not*. The book contains things of which no one up to the

© Ateneo de Manila University

> present time has spoken, for they are so sensitive that they have never suffered themselves to be touched by any one whomsoever. For my own part, I have attempted to do what no one else has been willing to do: I have dared to answer the calumnies that have for centuries been heaped upon us and our country. I have written of the social condition and the life, of our beliefs, our hopes, our longings, our complaints, and our sorrows; I have unmasked the hypocrisy which, under the cloak of religion, has come among us to impoverish and to brutalize us, I have distinguished the true religion from the false, from the superstition that traffics with the holy word to get money and to make us believe in absurdities for which Catholicism would blush, if ever it knew of them. I have unveiled that which has been hidden behind the deceptive and dazzling words of our governments. (*The Social Cancer*, xxxi-xxxii).

Ang Espektakulo Bilang Sakit

Sa ganitong pagkakaugat sa kolonyal na karanasan ng lipunan ng espektakulo sa bansa, dapat maunawaang may naidadagdag na aspektong moral sa kategorya ng espektakulo na natunuguan ni Debord sa paglalarawan sa espektakulo bilang "...material reconstruction of the religious illusion." (12). Ngunit inilalarawan lamang niya ang espektakulo sa ganitong paraan sa kakayahan nitong maglaman ng mga projection ng mga pantasya ng paraiso ng sangkatauhan. Ayon sa kaniya, ang paraisong ipinapangako ng espektakulo ay wala na sa ibayo pa roon, o sa dako pa roon, ng ikalawang buhay, ng Langit, kundi nasa pang-araw-araw ng pagkonsumo ng mga imahen. Ipinapaloob ni Debord ang kaniyang pagsasateorya ng espektakulo sa kuwadro ng kapitalismo; ayon sa kaniya, "[i]n societies dominated by modern conditions of production." (7) Sa kabilang banda, sa pag-uugat natin dito ng espektakulo sa kolonyal na kasaysayan ng bansa, nagiging higit na partikular ang projection ng espektakulo sa eksena ng Huling Paghuhukom, kung kailan parurusahan ang nagkasala at gagantimpalaan ang mga naapi. Nadadala sa lunan ng ngayon at dito ang inaasam-asam na paghuhusga ng mga sektor na api. Hindi na kailangang maghintay pa ng mga naaapi sa kabilang buhay at sa apokaliptikong gunaw ng santinakpan, maaari na niyang matamo ang kaniyang paghihiganti sa ngayon, maaari na niyang matamo ang inaasam-asam na katarungan sa antas ng mga representasyon.

Sa ganitong pamamaraan natin mauunawaan kung bakit hindi transparency ang nagiging mahalaga sa pagpaparatang na ipinapataw sa negatibong korelasyon ng panlabas na kaanyuan at panloob na kalagayan; ibig sabihin, hindi naman hinihingi ng tumitingin na maging direkta parati ang korelasyon sa pagitan ng loob at labas. Hindi pananagutan (accountability) ang hinihingi sakaling matuklasang hindi magtugma ang loob at labas. Dahil sumasapat na ang kakayahan ng tumitingin na paganahin ang Huling Paghuhukom sa ngayon at dito. Sumasapat dahil ang mga espektakulo, ayon kay Debord, ay hindi lamang mga literal na imahen o larawan kundi suma-total ng mga ugnayang panlipunan sa pagitan ng mga tao na ipinatutupad ng mga imahen: "it is a social relation between people that is mediated by images" (7). Ang espektakulo ang magtatakda kung paano pakikitunguhan ng tao ang bawat isa. Sa mundo ng social media ngayon, maoobserbahan nang malinaw ang kakayahan ng tumitingin na igiit ang kaniyang moral na awtoridad sa loob ng tinatawag na kultura ng "cancel at call-out" na agarang paghuhusga sa nagkasala mula sa komunidad ng mga tumitingin. Ngunit naipatutupad lamang ang ganitong pagkansela, ang pagbulid ng nagkasala sa impiyerno ng kawalan, kapag ang nagkasala ay walang kapangyarihan sa mundo ng mga representasyon. Hangga't may mailalaban sa antas ng mga imahen hindi talaga matatapos ang produksiyon ng mga espektakulo. Hindi rin talaga ito matatapos, dahil habang lalong kumakalas ang panlabas na kaanyuan sa panloob na kalagayan, lalo lamang naging malaya ang panlabas na lumikha ng mga representasyon. Ayon kay Debord:

© Ateneo de Manila University

"But the spectacle is not merely a matter of images, nor even of images plus sounds. It is whatever escapes people's activity, whatever eludes their practical reconsideration and correction. It is the opposite of dialogue. Wherever representation becomes independent, the spectacle regenerates itself" (11). Kung kaya't sa kaso ng banggaan ng mga tagasuporta at kritiko ng administrasyong Duterte, wala namang kinahahantungan ang lahat kundi ang higit na proliperasyon pa ng mga espektakulo, at lumalabas na sumasapat na ito para sa bawat panig na napatutunayan ng hindi rin naman nagbabagong status quo. Wari bang naaampat ang rebolusyonaryong sandali ng kasapatang idinudulot ng paghuhusga sa mga imahen, dahil sa lipunan ng mga espektakulo nagiging realidad na ang mundo ng mga representasyon.

Higit na nagiging malinaw at maigting ang ganitong pagsasateorya sa pamamagitan ng pagsulong ni Jean Baudrillard sa idea ng simulacra kapalit ng espektakulo ni Debord, na kabahagi ng kilusan ng mga Situationist. Ayon kay Baudrillard sa kaniyang pagrebyu kay Marshall Mcluhan: "We are no longer in the society of the spectacle, of which the situationists spoke, nor in the specific kinds of alienation and reppression that it implied. The medium itself is no longer identifiable as such, and the confusion of the medium and the message (McLuhan) is the first great formula of this new era. There is no longer a medium in the literal sense: it is now intangible, diffused, and diffracted in the real, and one can no longer even say that the medium is altered by it (Baudrillard, 30)." Itinutumbas dito ni Baudrillard ang "medium" sa "espektakulo" sa pakahulugang pareho silang imahen at larawan. Ayon kay Baudrillard, hindi na lamang imahen ang kinahahaharap natin ngayon, dahil naging realidad na ang imahen; kaiba kay Debord na naniniwala pa rin sa katotohanan ng paghihiwalay ng mundo ng realidad at espektakulo kahit pa hindi na matukoy kung alin ang nauna sa dalawa at kung alin ang nagdidikta sa alin. Naniniwala pa si Debord sa kalidad ng espektakulo na magtaguyod ng maling pagmamalay (false consciousness); samantala, kay Baudrillard ang simulacra ang siya nang tanging kamalayan.

Malay man o hindi malay, alam ng tumitingin na wala siyang kapangyarihan o ahensiya na humingi ng katapatan (transparency) sa kaniyang tinitingnan. Malay siya na hindi niya mapipilit (coerce) ang kaniyang tinitingnan na sumunod sa kaniya. Walang paraan upang pulisin ang kalooban dahil sa kalikasan na rin ng kalooban bilang nakatago: Nasa loob at maaaninagan lamang ng mga pagpapakita ng panlabas na kaanyuan. Sabi nga ng sawikain, "Ang tubig ma'y malalim, malilirip kung libdin; itong burhing magaling, maliwag paghanapin." Itinutumbas sa sawikain ang budhi sa kategoryang panloob na mahirap paghanapin. Dagdag pa rito'y hindi rin naman pinipilit ang tumitingin na tumingin. Maaari rin naman niyang ibaling ang kaniyang mata sa iba. Ayon nga kay Debord, ang paningin ang isa sa pinakamarupok na pandama ng tao, ang pandamang pinakamadaling maloko dahil sa kadaliang pagbaling o hindi pagbaling ng paningin sa tinitingnan: "the most abstract and easily deceived sense is the most readily adaptable to the generalised abstraction of present-day society" (11). Sa ganitong kawalang kakayahan ng tumitingin na pulisin ang kaniyang maaaring makita, ang ipinantatapat nina Jacinto sa kapangyarihang natatamasa sa imahen ay ang pag-apila sa moral na pagtataya ng tumitingin. Naitatakda ang kapangyarihan ng tumitingin sa moral na pagbabasbas sa pagpapakita ng tinitingnan. Wala man siyang kapangyarihang humingi ng katapatan, may kapangyarihan naman siyang humusga.

Kung inilalarawan man ni Debord ang pagkonsumo ng espektakulo bilang "constant accumulation of needs," at isang pagbili sa isang paraan ng pamumuhay, sa kolonyal na espektakulo, ang binibili ay isang moral o imoral na paraan ng pamumuhay. Hindi na lamang naabibigyang-hugis ng konsumerismo ang espektakulo, nadadagdagan pa at lalong napabibigat ng pagpataw dito ng sistema ng dogmatiko at doktrinal na pananalig o paniniwala. Sa ganitong kalakaran, wala talagang mananaig sa dalawang kampong

nagbabanggaan ngayon sa lipunan, sa mga tagasuporta ni Duterte at hindi. Walang magbubukas ng kanilang isip dahil hindi katwiran ang mananaig sa dalawang kampo kundi ang kanilang mga moral na batayan.

Kung gayon, ang hinaharap natin ngayong suliranin ay hindi problema ng laman (substance), kundi isang problema ng metodo. Ang tanong ay hindi sa kung sino sa dalawang kampo ang may higit na moral na awtoridad. Kung paniniwalaan ang ganitong pag-iisip hahantong lamang ang lahat sa karahasan sa paggigiit ng posisyon ng isang kampo laban sa isa. Sa halip, tingnan ang metodo ng patolohiya sa pagkakahalayhay natin dito bilang siyang may problema, batay na rin nga sa ipinamukha sa atin ng karanasan ng COVID-19. Kailangang unawain na sa loob ng kolonyal na mga espektakulo, ang mga imahen ay hindi mga sintomas, kundi ang siyang sakit. Walang tinuturol na katotohanan o katunayan ng sakit ang mga imahen. Kung hihiramin natin kay Baudrillard, walang itinuturong realidad ang imahen kundi ang siya na mismong realidad. Ang imahen mismo ang sakit. Mahalaga ang ganitong pagbabaliktad sa reebalwasyon ng metodong patolohiko. Ayon nga kay Tan, "In western medicine, pain is considered only as a symptom..." (21). Ang ganitong pagbabaliktad ng pagtingin, mula sa sakit na hinahakang itinuturo ng mga sintomas, patungo sa pagtingin mismo sa sintomas bilang siyang sakit, ay naghuhubad sa kolonyal na ugat ng metodo ng patolohiya sa kung paano natin tinatrato ang COVID-19 maging ang politikal at kultural na kalagayan ng bansa. Inilalantad nito ang kawalan talaga ng ahensiya ng tumitingin maliban sa kakayahan nitong moral na humusga sa mga larawan. Sa panahon ni Jacinto, may bigat ang ganitong mungkahi ni Jacinto dahil ang kalaban ay ang frailocracia na nagpapanaig ng kanilang interpretasyon ng doktrina Kristiyano sa mga indio. Tinatapatan lamang ni Jacinto ang moral na awtoridad din ng mapaniil na moral na awtoridad din ng frailocracia. Ngunit sa kasalakuyung panahon kung kailan nagbabago na rin ang mga kategorya ng paniniwala at pananalig, lumalabas na walang materyal na bigat ang ganitong kakayahan ng paghusga. Nauunawaan ito ni Duterte sa kaniyang pagmumura maging sa Santo Papa, at sa Simbahan bilang institusyon.

Sa ganitong pananaw, nagkakabigat ang retorika ng virality ng mga imahen, kung papaano umabot na sa antas ng pagiging virus ang mga imahen, kung paano hindi na lamang isang metapora ang virality kundi isa nang realidad. Napaiigting lamang ito ngayon sa panahon ng social media, at lalo lamang muling napaigting dahil sa pagsukob ng lahat sa online dahil sa lockdown, ngunit noon pa man lalabas may ganito nang kapasidad ang imahen sa kolonyal na lipunan, ang imahen bilang sakit. Kung kaya tama si Debord: ang espektakulo ay hindi lamang patungkol sa pagkonsumo ng mga imahen kundi ang isang pananaw sa mundo kung saan higit na pinahahalagahan na natin ang imahen kaysa sa realidad, at kay Baudrillard ang imahen na ang nagiging realidad. Lumalabas sa ngayon na ang kapasidad na maging viral ng isang imahen ay hindi lamang sa kakayahan nitong mabilisang lumaganap, kung hindi sa mismo rin nitong kapasidad na maging sakit. Kailangang balikan ng ating nakapakaikli nang kapasidad ngayong mag-alala na ang pagiging viral dati ay hindi inaasam. Una nating nakilala ang konsepto ng virality kakabit ng computer virus. Ngunit ano't kinalaunan bumaliktad ang pakahulugan natin sa virality at siya nang naging inaasam at pakay ng lahat. Nagkaroon na ng materyal na bigat ang imahen sa buong industriya na pinatatakbo ng algoritmo ng like, follow, at subcribe, sa buong industriyang nabuo ng pagtangkilik.

Ang Espektakulo ng Antas ng Pamumuhay

Nang maupo si Duterte noong 2016, matatandaang nagbabago na rin noon ang imahen ng Pilipinas bilang "Sick Man of Asia" papuntang Tiger Economy." Ayon halimbawa sa panayam ng *Deutsche Welle (DW)* kay Rajiv Biswas, Asia-Pacific Chief Economist ng Information Handling Services (IHS), ang itinuturong sanhi ng ganitong pagbabago

ang pagsusupil ng korapsiyon ng nakaraang pangulong PNoy, at ang mga pangunahing tagapagpagalaw ng ekonomiya ang sektor ng Information Technology-Business Process Outsourcing (IT-BPO) at ang mga remittance ng mga Overseas Filipino Workers (OFW) (Dominguez). Pinaniniwalaan pa noong pangalawa tayo sa pinakamabilis ang pag-unlad sa rehiyon: pangalawa lamang sa bansang China at nauuna pa sa Vietnam. Sa ganitong pangako ng kalakarang pang-ekonomiya, may pinapangarap ding pag-agapay ng pag-unlad ng paraan ng pamumuhay ang mga mamamayang Pilipino. Sa mga panahong ito nagkaroon ng pangangailangang makabuo ng mga bagong larawan ng pagiging nakaririwasa. Una, naobserbahan ang pag-angat ng idustriya ng pangangalaga sa ginhawa at kalusugan (health and wellness). Bilang halimbawa, may natukoy na positibong korelasyon sa pagitan ng pag-angat ng suweldo ng konsyumer at pagbili niya ng organikong bigas ang pag-aaral nina Larry Digal at Shemaiah Placencia ng U.P. Mindanao (2015). Kapanabay ng ganitong demand sa anumang organiko at eco-friendly, nagsulputan din ang mga spa, gym, bentahan at pangangalaga ng mga alagang hayop, pangangalaga sa mental na kalusugan, na lahat naging pangangailangan sa gitna ng kinilalang kalagayan ng stress sa lugar ng trabaho. Ang industriya rin ng IT-BPO ang naging isa sa mga dahilan ng paglago ng pagbebenta ng pamumuhay sa loob ng condominium (Bondoc). Sumabay din dito ang pag-usbong ng industriya ng bentahan ng mga likhang-sining sa paglaganap ng mga art fair. Nangunguna dito ang Art Fair Philippines na itinatag noong 2013. Nangyayari ang lahat ng ito sa gitna ng nananatiling kahirapan sa bansa, at hindi pagbabago ng kalagayan ng mahihirap. Kung sisipiin ang naging pag-aaral ni Joseph Anthony Lim sa naging performance ng administrasyong Pnoy: "The general feeling that the high growth had not filtered down to the lower income sectors continue to haunt the PNoy administration partly due to the SWS surveys that seem to indicate joblessness and poverty (both poor and food-poor, the latter indicating hunger) remain very high where self-rated poverty incidence continues to hover above 50%, and the food-poor incidence hovered around 40% until 2015 (Lim, 6).

Maiuuwi ang lahat ng ito sa muling pagpapanibago ng imahen ng nakaririwasang uri sa loob ng bansa. Isang pagpapanibagong imahen na nahihirapan nang masabayan ng mga nakababababang uri. Sa mga huling taon ng administrasyon ng dating pangulong Gloria " GMA" Macapagal-Arroyo (2001-2010) hanggang sa buong administrasyon ni PNoy, naging laman ng mga bali-balita ang mga kaso ng pagpapakamatay dala ng kahirapan. Pinakatumatak sa alaala ng lahat ang kaso ni Mariannet Amper, 11 taong gulang ng Lungsod Davao (2007). Kakaiba ang kaso ni Amper dahil sa iniwan niyang liham sa programang pantelebisyon na *Wish Ko Lang*. Sentral sa pagpapakamatay ni Amper ang diskurso ng mga imahen. Inilista niya bilang pangarap ang pagkakaroon ng sapatos, bag, bisikleta at magandang trabaho para sa mga magulang. Nakatuon ang panawagan niya sa isang programang pinanonood; sa isang programang nagbibigay ng mga katuparan sa mga inaasam-asam na pangarap. Higit pa rito, ang pagbabalita ng media sa kaso ni Amper ang isa sa mga nagpasuri sa media sa kanilang mga sarili kung papaano ba dapat ibalita ang ganitong mga kaso ng pagpapakamatay. Dahil maaaring magdulot ng iba pang pagpapakamatay ("Copycat Suicides: Media's Role,"). Sa huling taon ng panunungkulan ni Pnoy nang 2015, may humabol pang balita tungkol sa pagpapakamatay ni Arnel Cris ng Cagayan de Oro City, na ang trabaho ay tagawalis ng kalsada. Sa isang ulat sa *Rappler*, inilulugar din sa panahon ng administrasyong Pnoy kung kailan hindi na nakayang bilhin ang galunggong ng karaniwang mamamayan (Calvan). Naging kapalit na nito ang instant noodles bilang pagkain ng mahihirap (Peña). Sa gitna ng ganitong nagbabanggaang mga larawan, maaaring basahin ang pagkakahalal kay Duterte bilang pangulong walang modo at dekorum bilang isang pag-ampat ng masa sa ganitong pag-arangkada ng pagpopostura rin ng isang partikular na ekonomikong uri sa bago nitong astang kapangyarihang pang-ekonomiko. Napag-iiwanan ang higit na maraming sektor sa lipunan. At sa ganitong labanan ng mga imahen, magunaw na ang lahat basta walang maiiwan.

© Ateneo de Manila University

Bilang kongklusyon, isang problema ng metodo ang maoobserbahan natin sa kung papaano pinoproseso ng mga polarisadong kampo ang politikal at kultural na karanasan ng tunggalian ngayon ng bansa. Higit pang napatitindi ang ganitong problema ng metodo dahil sa pagpataw ng moral na batayan sa pagkonsumo ng mga espektakulo. Sa loob ng metodong patolohiko, hindi sintomas ang mga espektakulo ng higit na malalim na sakit panlipunan. Sa halip, ang espektakulo na mismo ang sakit sa magkabilang panig ng nagtutunggaling mga puwersa. Una, ginagamit ang espektakulo bilang paghihiganti sa dating namayaning imahen na hindi napakinabangan. Ikalawa, ginagamit naman ang espektakulo bilang paggigiit ng kapangyarihang kolonyal; at nang hindi matupad ang ganitong kapangyarihan, ang pangangarap sa isang ekonomikong hinaharap na hindi nakamtan. Nasa pagkilala ng ganitong mga papel at galaw ng espektakulo sa lipunang Filipino ang maaaring makitang paraan kung paano ngayon maaaring makaiigpaw sa nararanasang pagkabalaho ng diskurso sa pagitan ng magkakatunggaling puwersang panlipunan.

Mga Sanggunian

Akizuki, Sean. “If DILG Secretary Mar Roxas Can’t Delegate Work, What Good Will That Do When He’s President?,” Making It Fun in the Philippines, 1 December 2015, https://makingitfuninthe philippines.blogspot.com/2015/12/if-dilg-secretary-mar-roxas-cant.html.

The American Cancer Society. “Evolution of Cancer Treatments: Surgery.” https://www.cancer .org/cancer/cancer-basics/history-of-cancer/cancer-treatment-surgery.html. Binuksan 22 November 2020.

Aguilar, Krissy. “‘White-sand’ Manila Bay to benefit Filipinos’ mental health–Roque.” *Inquirer*, 7 September 2020, https://newsinfo.inquirer.net/1332269/white-sand-manila-bay-to-benefit-filipinos-mental-health-roque.

Amur, Jennifer. “The many times Duterte has resorted to profanity and calls to violence.” *The Washington Post*, 21 October 2916, https: //www.washingtonpost.com/news / worldviews/wp/2016/10/21/the-many-times-duterte-has-resorted-to-profanity-and-calls-to-violence/.

Anderson, Benedict R. “The Idea of Power in Javanese Culture.” Sa *Culture and Politics in Indonesia*. Edited by Claire Holt, Benedict R.O.G. Anderson, and James Seigel. Ithaca: Cornell University, 1972.

Baudrillard, Jean. *Simulacra and Simulation*, reprint edition, translated by Sheila Faria Glaser. Michigan: University of Michigan Press, 1994.

Bondoc, Joey Roi. “Metro Manila condo market through the decades.” *Inquirer*, 7 March 2020, https://business.inquirer.net/291980/metro-manila-condo-market-through-the-decades

Bouças, Ana P., et al. “Why Severe COVID-19 Patients Are at Greater Risk of Developing Depression: A Molecular Perspective.” *The Neuroscientist*, 2 November 2020, https://journals.sagepub.com/doi/full/10.1177/1073858420967892

Calvan, Dennis F. "Galunggong–no longer poor man's fish." *Rappler*, 31 May 2013, https://r3 .rappler.com/move-ph/30331-galunggong-no-longer-poor-man-fish

"Copycat Suicides: Media's Role," *Philippine Graphic*, 24 October 2011, 24-25.

Dancel, Raul, "Duterte's 'unkempt' look on state visit sparks criticism," *The Straits Times*, 4 October 2019, https://www.straitstimes.com/asia/se-asia/dutertes-unkempt-look-on-state-visit-sparks-criticism.

Debord, Guy. *Society of the Spectacle*, salin ni Ken Knabb. London: Rebel Press, 1983.

Digal, Larry N., at Shemaiah Gail P. Placencia. "Retail Demand Estimation of Organic and Other Variants of Rice in the Philippines, and Its Implications to Sustainability and Self Sufficiency." 2nd International Conference on Food, Environment, and Culture (ICFEC 2019), 27-29 November 2019, http://icfec.weebly.com/uploads/9/4/4/2/94425229 / retail_demand_estimation_of_organic_and_other_variants.pdf

Dominguez, Gabriel. "The Philippines has 'transitioned to a tiger economy'." *Deutsche Welle (DW)*, 30 January 2015, https://p.dw.com/p/1ETP1.

Ileto, Reynaldo. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Manila: Ateneo de Manila University Press, 1979.

Jacinto, Emilio. "Ningning at Liwanag." Sa *Mga Buhay at mga Sinulat ni Emilio Jacinto*, Jose P. Santos. Paunang salita ni Rafael Palma. Maynila: s.n., 1935.

Latham, Jonathan, at Allison Wilson. "A Proposed Origin for SARS-CoV-2 and the COVID-19 Pandemic." *Independent Science News*, 15 July 2020, https://www.independent sciencenews.org/commentaries/a-proposed-origin-for-sars-cov-2-and-the-covid-19-pandemic/.

Lim, Joseph Anthony. "An Assessment of the Economic Performanceof the Administration of Benigno S. Aquino III," *Action for Economic Reforms-Industrial Policy Team,* 2016, https://aer.ph/industrialpolicy/wp-content/uploads/2016/03/Assessment-of-Econonomic-Performance-of-Aquino-2016.pdf

Los Angeles Times, 24 October 1980, 3,9,11.

Markus, Hugh S., at Michael Brainin. "COVID-19 and stroke—A global World Stroke Organization perspective." International Journal of Stroke 15 No. 4 (2020): 361-364, https://journals.sagepub.com/doi/pdf/10.1177/1747493020923472.

Navalta, Daniel Joseph. "Passionate Facebook post in support of Duterte goes viral." *Kami*, https://kami.com.ph/64084-passionate-facebook-post-support-duterte-viral.html. Binuksan 22 November 2020.

Peña, Elena, "Instant Noodles–the New Food Staple." *The Freeman*, 3 February 2017, https://www.philstar.com/the-freeman/cebu-lifestyle/2017/02/03/1668628/instant-noodles-new-food-staple

"PNoy denies playing video games during hostage crisis." *ABS CBN News*, 12 October 2011, https://news.abs-cbn.com/lifestyle/10/12/11/pnoy-denies-playing-video-games-during-hostage-crisis.

 © Ateneo de Manila University

"Poverty pushes man to suicide." *SunStar*, 12 July 2015, https://www.sunstar.com.ph/article /19510/Business/Poverty-pushes-man-to-suicide.

Ravin, Tracy B. "Jose Rizal: Philippine National Hero and Opthalmologist." *Archives of Opthalmology* 119 No. 2 (February 2001): 280-284. doi:10-1001/pubs.Ophthalmol.-ISSN-0003-9950-119-2-esa00001.

Rizal, Jose P. *Noli Me Tangere: Huag Acong Salangin Nino Man*, salin ni Pascual H. Poblete. Manila: Limbagan ni M. Fernandez, 1909.

____. *Noli Me Tangere: Novela Tagala*, edicion completa con notas de R. Sempau. Barcelona: Maucci Hermanos, 1902.

____. *The Social Cancer*, translated by Charles Derbyshire. Manila: Philippine Education Company, 1912.

Roy, Ananya. "Over half of Filipinos think Duterte's swearing is damaging international relations." *Business Insider*, 15 December 2016, https://www.businessinsider.com/51-of-filipinos-think-dutertes-swearing-damaging-international-ties-2016-12.

Salud, Joel Pablo. "The spectacle that is Dutertismo." *Medium*, 1 September 2020, https://medium.com/@joelpablosalud/the-spectacle-that-is-dutertismo-5941f0c1a88a.

Tan, Michael L. *Revisiting Usog, Pasma, Kulam*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2010.

Tomacruz, Sofia. "Duterte's cursing is affecting the youth, experts say." *Rappler*, 18 June 2018, https://www.rappler.com/nation/duterte-cursing-affect-filipino-youth.

Williams Jr., Nick B. "Aquino Rejects Bedtime Story, Sues for Libel." *Los Angeles Times*, 13 October 1987, https://www.latimes.com/archives/la-xpm-1987-10-13-mn-13743-story.html.

© Ateneo de Manila University